ALAMIN ANG TUNGKOL SA RED TIDE

ANO ANG RED TIDE?

ALGAL BLOOM ANG KARANIWANG TAWAG SA PANGYAYARING DULOT NG PAGBABAGO NG KULAY NG DAGAT SANHI NG MABILIS NA PAGDAMI NG MGA ORGANISMONG TINATAWAG NA DINOFLAGELLATES. ITO AY NAKIKITA KAPAG ANG KANYANG DAMI AY UMABOT NA SA 10,000 CELLS PER LITER NG TUBIG-DAGAT O HIGIT PA. ANG PAGKULAY NG TUBIG-DAGAT AY BASE SA URI NG DINOFLAGELLATES. ANG KULAY AY MAAARING PULA, KULAY KALAWANG, BERDE, AT IBA PA.

ANG TAONG NAKAKAIN NG KONTAMINADONG SHELLFISH AY MAAARING MALASON, NA TINATAWAG NA PARALYTIC SHELLFISH POISONING (PSP).

ANG SINTOMAS NITO AY ANG SUMUSUNOD:

PAMAMANHID NG MUKHA AT PALIGID NG BIBIG, PAGSUSUKA, PAGKAHILO, PANANAKIT NG ULO, PARANG TINUTUSOK NA PAKIRAMDAM AT DI MAGALAW ANG MGA PAA AT KAMAY, PAKIRAMDAM NA PARANG LUMULUTANG SA HANGIN, PANGHIHINA, MABILIS NA PULSO, HIRAP SA PAGSALITA AT HIRAP SA PAGLUNOK.

SINTOMAS AT PAUNANG LUNAS

ANG TAO NA MAY SINTOMAS NG PSP AY NARARAPAT NA:

PASUKAHIN UPANG MAILABAS ANG NAKAIN AT DALHIN SA OSPITAL PARA SA TAMANG LUNAS

DAPAT TANDAAN NA HINDI NATATANGGAL NG SUKA O ANUMANG MAASIM ANG LASON, IMBES MAS PINAPALAKAS PA ANG EPEKTO NITO.

ANONG SANHI NITO?

ANG MGA KUNDISYONG GAYA NG SINAG NG ARAW, ALAT, MATAAS NA TEMPERATURA, AGOS O GALAW NG TUBIG AT SUSTANSIYA SA TUBIG AY PUEDENG MAGING SANHI NG RED TIDE BLOOMS.

AYON SA RESEARCH, ANG SOBRANG PAGDAMI NG SUSTANSIYA TULAD NG PHOSPHORUS, PHOSPHATE, NITRATE, AT NITRITE KASAMA NG TAMANG KOMBINASYON NG TEMPERATURA AT ALAT NG TUBIG AY MAAARING MAGING SANHI NG PAGLITAW NG RED TIDE.

ANG MAHABANG PANAHON NG TAG-INIT NA MAY KASUNOD NA MALAKAS NA PAG-ULAN AT DAGLIANG DALOY NG TUBIG MULA SA KALUPAAN PAPUNTANG KATUBIGAN AY KADALASANG SANHI NG RED TIDE.

MGA PUEDENG KAININ AT HINDI

BAWAL KAININ ANG LAHAT NA URI NG SHELLFISH, TULAD NG TAHONG, TALABA, HALAAN, KABIYA, LITOB AT KASAMA NA ANG ALAMANG.

PUEDENG KAININ ANG MGA SUMUSUNOD:
ISDA, HIPON, ALIMANGO/ALIMASAG AT PUSIT.
KAILANGAN LANG ALISIN ANG HASANG, BITUKA AT LAMANG-LOOB, PATI ULO KUNG HIPON AT ALIGE KUNG ALIMANGO O ALIMASAG.

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
BFAR BIKOL
REGIONAL FISHERIES LABORATORY
0947 255 2273 / 0950 301 6963
BUREAU OF FISHERIES & AQUATIC RESOURCES - BIKOL